REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93 - 76

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG CUPANG FLOOD CONTROL PROJECT UPANG MAIBSAN ANG PAGBAHA SA BARANGAY CUPANG AT ANG PAGKAKAROON NG LAANG-GUGULIN SA HALAGANG TATLONG MILYON, APAT NA DAAN AT SIYAM NA LIBO, APAT NA DAAN AT SIYAM NA PISO AT DALAWAMPU'T ISANG SENTIMO (P3,409,409.21) PARA SA NABANGGIT NA PROYEKTO.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay binibigyan ng kapangyarihan na magsabatas, magpatibay ng resolusyon at maglaan ng kaukulang pondo para sa mga proyektong magtataguyod ng kagalingang panlipunan ayon sa Seksiyon 447 (2) (i) ng Local Government Code of 1991 (R.A. 7160);

SAPAGKAT, ang paglalaan ng halagang P3,409,409.21 mula sa pondo ng pagawaing bayan ay kinakailangan upang mabilis na maisakatuparan ang nasabing proyekto batay na rin sa pag-aaral at pagtutuos ng Tanggapan ng Inheneriya ng Pamahalaang Bayan;

SAPAGKAT, ang binabanggit na proyekto kapag naisakatuparan ay maiibsan ang pagbaha sa Carmina Compound, Bunyi Tenants, Liberty Homes at iba pang mabababang lugar sa Barangay Cupang;

SAPAGKAT, ang suliranin sa baha lalo na sa pagsapit ng tag-ulan ay lubhang nakapagdudulot ng pawang kahirapan sa mga naninirahan sa nabanggit na lugar tulad ng pagkakasakit at pagkasira ng mga kasangkapan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na pagtibayin ang kapasiyahan para sa Cupang Flood Control Project upang maibsan ang pagbaha sa Barangay Cupang at ang pagkakaroon ng laang-gugulin sa halagang Tatlong Milyon, Apat na Daan at Siyam na Libo, Apat na Daan at Siyam na Piso at Dalawampu't Isang Sentimo (P3,409,409.21) para sa nabanggit na proyekto.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 50th regular

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



na pulong na ginanap ngayong ika-2 ng Agosto, 1993 sa Silid Pulungan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN :

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
KOnsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,KR.
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F.RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang.Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan